# ANG REGALO KAY BIBO



GLOBAL ALLIANCE FOR RABIES CONTROL
www.rabiesalliance.org

WORLD RABIES DAY SEPTEMBER 28

GLOBAL ALLIANCE FOR RABIES CONTROL
www.rabiesalliance.org

WSPA
World Society for the Protection of Animals










Nagmukmok si Bibo nang malamang hindi bisikleta ang natanggap niyang regalo mula sa magulang.

Ayaw niya sa alagang aso.






Ayaw ko ng aso! Mabaho at malikot yan! At hindi ko kailangan ng kalaro! Bisikleta ang gusto ko!
Kinabukasan...
Hoy! Tumahimik ka nga!
AW! AW!
AW! AW!
Ano ba? Ayaw mo ba talagang tumahimik?!


LABAS!!!
Makalipas ang ilang oras...
Bibo! Nasaan na ang aso mo?
Ang ingay po kasi niya eh! Pinalabas ko po muna saglit.
Ano?! Baka mawala yung aso! Fidel! Fidel! Pakihanap nga nung aso ni Bibo!

Nang mahanap na ni Mang Fidel ang aso...







**Habang hinuhugasan ang sugat ng anak, naalala ni Aling Stella ang nalaman niya sa TV tungkol sa rabies.**






Agad na dinala ni Aling Stella at Mang Fidel si Bibo sa **Animal Bite Treatment Center (ABTC)** sa kanilang lugar.














Nalaman din ni Dok na pinakawalan ni Bibo ang kanyang alagang aso.


Misis, dapat din po ay pinaturukan ninyo ang inyong aso laban sa rabies. Alam nyo ba na may batas na tayo tungkol dito?



Meron tayong **Republic Act 9482** o ang **Anti-Rabies Act of 2007.** Layon nito na pigilan ang pagkalat ng sakit na rabies. Nakasaad din sa batas na kailangang iparehistro at mapabakunahan ang inyong alagang hayop laban sa rabies.
Talaga po Dok? Hindi namin alam na may ganoon.




Pagkagaling sa ABTC, dinala na ni Tatay Fidel ang aso sa Veterinary Office.



Makalipas ang tatlong araw, ipinaalam ng tagapamahala ng Dog Pound sa pamilya ni Bibo ang hindi inaasahang balita.





Kung hindi po ako naging pabaya sa regalo niyong aso sa'kin, hindi po siya magkaka-rabies at hindi rin po ako magkakaganito. Patawad po.
Nalulungkot po ako sa sinapit ng aking aso. Pangako po, hindi ko na uulitin ang ginawa ko.
Magiging mabuting tagapag-alaga na po ako.

Ilang buwan din ang lumipas at nawala na rin ang lungkot sa puso ni Bibo. Araw ng pasko noon.



Kinabukasan, masaya at agad na dinala ni Bibo ang kanyang bagong alagang aso sa beterinaryo.



**At mula noon, hindi lamang naging isang huwarang tagapag-alaga ng aso si Bibo, naging supporter din siya ng mga kampanya laban sa rabies sa kanilang lugar.**




**Story**
Jeanina Casusi
Sonny Pasiona
Rose Ann Pulido
Clarise Villadiego
Elaine Llarena
Dane Medina
Eunice Mendoza

**Illustrations & Digital Layout**
Von Karyl Nacpil
Dhel Ocampo
Prof. Marlon Diloy

**Advisers**
Dr. Betsy Miranda, DVM
Dr. Conchy Roces, MD

## Mga Multa sa Paglabag sa Republic Act 9482 (Anti-Rabies Act of 2007)

1. Hindi pagpapaparehistro at pagpapabakuna ng alagang aso laban sa rabies, multa ng Dalawang Libong Piso (P2,000.00).

2. Ang may-ari ng asong hindi nabakunahan laban sa rabies ang mananagot at magbabayad sa pagpapabakuna sa taong kinagat ng kanilang alagang aso.

3. Hindi pagpayag na paobserbahan ang kanilang alagang aso na nakakagat ng tao, multa ng Sampung Libong Piso (P10,000.00).

4. Hindi pagpayag na paobserbahan ang kanilang alaga at bayaran ang pagpapabakuna sa taong nakagat ng kanilang aso, multa ng Dalawampu't Limang Libong Piso (P25,000.00).

5. Hindi pagtali ng alagang aso habang nasa pampublikong lugar, multa ng Limang Daang Piso (P500.00).

**PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON, TUMAWAG O KUMUNSULTA SA INYONG PROVINCIAL O CITY VETERINARY OFFICE**

**DEPARTMENT OF AGRICULTURE**
**BUREAU OF ANIMAL INDUSTRY RABIES HOTLINE:**
**(02) 928-2743 / (02) 928-2836**